

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI[®]

Nakapagtala ng lalo pang pagbagal ang mga sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Abril

Abril 2026

Mas kaunting pagtaas sa output at mga bagong order

Mas tumindi pa ang mga pressure sa mga presyo

Bagong pagbaba sa bilang ng mga tauhan

Patuloy na nawalan ng momentum sa paglago ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, dahil mas bumaba pa ang headline index noong Abril mula sa pinakamataas na naitala mula Pebrero. Naging katamtaman ang paglago ng mga bagong order at output, kung saan halos hindi na nagbabago ang output. Bukod pa rito, nabawasan ang mga imbentaryo sa buong buwan dahil nalimitahan ang kapasidad sa produksyon ng mas matatagal na lead time para sa mga input. Nawalan din ng trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng walong buwan.

Pagdating sa mga presyo, tumindi ang mga pressure ng inflation dahil parehong tumaas ang mga pasaning gastos at singil sa output noong Abril.


Nakapagtala ang S&P Global ASEAN Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI[®]) ng mas mataas sa mahalagang 50.0 na marka noong Abril, na nagpapahiwatig ng higit pang pagbuti sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Kaugnay nito, nakapagtala ang index ng 50.7 na pinakamababang naitala sa loob ng siyam na buwan, na mas mababa mula sa 51.8 noong Marso, at mas mababa pa kumpara sa 53.8 na pinakamataas na naitala sa survey noong Pebrero. Ipinakita ng pababang trend na ito na bagama't nagpapatuloy ang paglago, kapansin-pansing bumagal ang bilis ng pagbuti, na nagpapakita lang ng katamtamang paglakas sa mga kundisyon ng pagpapatakbo.

Bagama't iniulat ng mga nagmamanupaktura sa ASEAN ang katamtaman at matinding pagtaas sa buong kasaysayan, pinakamabagal ang pagdami ng mga bagong order sa loob ng walong buwan. Nakaapekto rin ang lumalalang sitwasyon sa kalakalan sa kabuuan ng mga bagong benta. Bumaba ang mga bagong order sa export sa ikalawang magkasunod na buwan at pinakamabilis ito mula noong nakaraang Hulyo.

Mas tumaas pa ang aktibidad sa pagbili noong Abril, kung saan mas matindi ang pagtaas ng rate kumpara noong Marso at malawakang naaayon sa mga bagong order. Gayunpaman, nagdulot ng karagdagang pressure sa mga supply chain ang pagdami ng mga pagbili, kung saan sukdulang tumagal ang paghahatid sa loob ng 17 buwan.

Dahil kinakaharap ng mga kumpanya ang mga problema sa agarang pagtanggap ng mga input, naubos ang mga imbentaryo. Bumaba ang mga stock ng input sa unang pagkakataon sa loob ng walong buwan, habang nabawasan ang mga holding ng mga natapos na produkto sa ikalawang magkasunod na buwan at sa bahagyang mas mabilis ito.

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI
Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan



Nakolekta ang data noong 9-24 Abril.

Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

Komento


Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, isang Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence na:

"Nananatiling lumalawak ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa pagpasok nito sa ikalawang quarter. Gayunpaman, patuloy na humihina ang momentum sa paglago, kung saan halos hindi na gumagalaw ang pagdami ng output. Nagpakita rin ng kahinaan ang mga indicator ng demand, dahil naging katamtaman ang pagdami ng mga bagong order at mas mabilis na bumaba ang mga benta sa ibang bansa. Nabawasan din ng trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng walong buwan. Nahadlangan pa ng mga paghihigpit sa supply ang kapasidad sa produksyon, kung saan tumagal ang paghahatid dahil kinailangang umasa ng mga kumpanya sa kanilang mga reserba para matugunan ang pagdami ng mga order.


"Sa gitna ng nagpapatuloy na pagbagal na ito, mas tumindi pa ang mga pressure sa presyo. Kinaharap ng mga kumpanya ang pagtaas ng mga gastusin sa pagpapatakbo noong Abril, na nagresulta sa mas matataas na factory gate na presyo.

"Bagama't nananatiling positibo ang pananaw ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa rehiyon ng ASEAN tungkol sa patuloy na paglago ng produksyon sa susunod na taon, mananatiling nakadepende ang kabuuang takbo sa mga panlabas na dahilan, partikular na ang nagpapatuloy na digmaan sa Middle East, na hinuhubog din ang kalagayan ng inflation."

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI®



Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.



Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

Nawalan ng trabaho sa unang pagkakataon sa loob ng walong buwan, bagama't banayad lang ang bilis ng pagkawala ng trabaho. Samantala, mas tumaas pa ang mga backlog ng trabaho, kung saan naaayon ang bilis ng pagdami sa naitala noong Marso.

Nakaranas din ang mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN ng tuminding mga pressure sa gastos noong Abril. Kapansin-pansing tumaas ang mga gastusin sa pagpapatakbo, at sukduhan ito mula noong Marso 2022. Dahil dito, tinaasan ng mga kumpanya ang kanilang mga presyo, kung saan pinakamabilis ang inflation sa loob ng 49 na buwan.

Sa kabila ng mga hamong ito at bagama't nananatiling mahina sa buong kasaysayan, tumaas at nananatiling positibo ang kumpiyansa sa negosyo noong Abril, na nagpapahiwatig na inaasahan ng mga nagmamanupaktura na dadami ang produksyon sa susunod na 12 buwan.

Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga nagmamanupaktura sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang humigit-kumulang 2,100 nagmamanupaktura. Ang mga bansang ito ang bumubuo sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay nahahati nang ayon sa detalyadong sektor at dami ng empleyado ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey sa ikalawang kalahati ng bawat buwan at nakikita rito ang direksyong tinutungo ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat variable ng survey sa pambansang antas. Ang index ay ang kabuuan ng porsyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang mga index ay maaaring maging 0 hanggang 100, kung saan ang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagbaba. Pana-panahong isinasabay ang mga index. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagkuha ng weight ng mga index ng bansa. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula nang ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline na figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Trabaho (20%), Mga Tagal ng Paghahatid ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Mga Binili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Mga Tagal ng Paghahatid ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumalaw ito patungo sa direksyong maihahambing sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabay.

Para sa karagdagang impormasyon sa metodolohiya ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data na nakasaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito, ng anumang lumalabas na data ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("Data") na nakapaloob dito, anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pag-aalis o pagkaantala sa Data, o para sa anumang pagkilos na isinagawa batay sa mga ito. Hindi mananatag ang S&P Global sa anumang pagkakataon para sa anumang pinsalang espesyal, kaugnay o kinahinatnang pinsala, na magresulta sa paggamit ng Data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga trade mark o nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc at/o mga affiliate nito.

Ang Content na ito ay na-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang paggawa ng kopya ng anumang impormasyon, data o materyal, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kaugnay na panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Provider ng Content") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang pagkakamali o pag-aalis (nang dahil sa kapabayaang man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananatag ang mga Provider ng Content para sa anumang pinsala, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kabilang ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng Content.

PMI®

by S&P Global

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
Economista
S&P Global Market Intelligence
Telepono +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

Eri Amano
APAC Senior Communications Manager
S&P Global Market Intelligence
Tokyo
Telepono +81 (0) 80 3714 7658
S&P Global Market Intelligence
eri.amano@spglobal.com
press.mi@spglobal.com

Kung mas gusto mong hindi na makatanggap ng mga news release mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa press.mi@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, [mag-click dito](#).

S&P Global

Ang S&P Global (NYSE: SPGI) ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon. Naghatid kami sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ng tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa aming mga customer sa pagtasa sa mga bagong pamumuhunan hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at pag-transition ng enerhiya sa lahat ng supply chain, nagbubukas kami ng mga bagong oportunidad, nagbibigay kami ng solusyon sa mga hamon, at pinapabilis namin ang pag-unlad ng mundo.

Kinukuha kami ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, benchmark, analytics at workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga iniaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano na ngayon para sa kinabukasan.
www.spglobal.com

PMI mula sa S&P Global

Available na ngayon ang mga survey ng Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa mahigit 40 bansa at pati na rin sa mga pangunahing rehiyon kabilang ang eurozone. Ang mga ito ay ang mga pinakahigit na binabantayang survey sa negosyo sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, merkado sa pananalapi, at gumagawa ng mga pasya sa negosyo dahil sa kakayahang ng mga itong makapagbigay ng mga napapanahon, tumpak at madalas na natatanging buwanang indicator ng mga trend sa ekonomiya. www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi